# ACTIVITY

A. Lagyan ng check ang box kung ang pangungusap ay tama at X naman kung ito ay mali.

☐ Noong ika-pitong araw, nilikha ng Diyos ang tao.

☐ Maaaring kainin nila Adan at Eba ang lahat ng prutas sa hardin maliban sa bunga ng puno na nasa gitna ng hardin.

☐ Ang ahas ang pinakamabait sa lahat ng hayop na nilikha ng Diyos.

☐ Kumain ng ipinagbabawal na bunga si Adan at binigyan din ang asawang si Eba.

☐ Iginawa ng Diyos ng damit na yari sa dahon sina Adan at Eba.

B. Sagutin ang mga tanong.

- Ano ang binilin ng Diyos sa tao na maaari nilang kainin sa hardin?

_____

_____

- Sino ang sumalungat sa sinabi ng Diyos? _____
- Sino ang pinakinggan ni Eba? _____

Ang salita ng Diyos ay totoo. Sinabi Niya na hindi dapat kainin ang bunga ng puno na nagbibigay ng kaalaman tungkol sa mabuti at masama. Sa oras na kainin nila ito, sila ay mamamatay. Hindi nagtiwala at sumunod sila Adan at Eba sa sinabi ng Diyos kaya't dumating ang panahon na sila nga ay namatay. Bukod dito, sila ay tumanggap ng kaparusahan mula sa Diyos bilang consequence ng kanilang pagsuway sa Kanya.

C. Kumpletuhin ang mga pangugusap.
Ang sumalungat, hindi naniwala at hindi sumunod sa sinabi ng Diyos ay nagtamo ng kaparusahan.

Ang sumpang tinanggap ng ahas ay

Ang sumpang tinanggap ni Eba ay

Ang sumpang tinanggap ni Adan ay

Ang mga batang tulad natin ay dapat na matutong magtiwala at sumunod sa salita ng Diyos upang tayo ay maiwas sa kapahamakan. Kung alam natin ang salita ng Diyos (totoo) siguradong tama ang ating ikikilos. Upang malaman natin kung ano ang salita ng Diyos dapat ay matuto tayong magbasa n Bible araw-araw.

D. Basahin ang Bible verse. Pag-aralan kung paano ito magagamit ng tauhan sa maikling kuwento. Isulat ang iyong sagot sa patlang.

Mga anak sundin ninyong lagi ang inyong mga magulang, sapagkat yan ang nakalulugod sa Panginoon. Colosas 3:20

Isang hapon dinatnan ni Aling Lydia ang kanyang anak na si Carol na nanunuod ng paborito niyang cartoons.

**Aling Lydia**: *Kamusta ang araw mo anak? Kamusta sa school? May dapat ka bang pag-aralan o kaya ay homework na dapat sagutan?*

**Carol**: *Masaya naman po kanina 'nay. Marami akong natutuhan. Medyo mahirap ang lesson namin sa Science. May homework po ako at test bukas.*

**Aling Lydia**: *Ganun ba? Eh, ipagpaliban mo na muna ang panunuod mo niyan at unahin ang mga dapat pag-aralan para matapos mo ang lahat.*

**Carol**: _____

(Isulat sa patlang ang tamang isagot at gawin ni Carol.)

Sagutin ang tanong:

- Ano ang maaaring mangyari kung makikinig at susunod si Carol sa kanyang nanay? _____

  _____

- Ano ang maaaring mangyari kung hindi makikinig at hindi susunod si Carol sa kanyang nanay? _____

  _____

- Sa paanong paraan maiiwas si Carol mula sa kapahamakan kung magtitiwala at susundin niya ang sinabi sa salita ng Diyos (Colosas 3:20)? _____

  _____

  _____

E. Memory Verse

Ang bawat salita ng Diyos ay tunay na mapagkakatiwalaan. Siya ay tulad ng panangga sa mga umaasa ng Kanyang pag-iingat. **Kawikaan 30:5**